## ANG MGA BULAG AT ANG ELEPANTE

Batay sa orihinal na tula ni John Godfrey Saxe

Blind Men and Elephant image by Illustrator unknown [Public domain], via Wikimedia Commons

## **TERMS OF USE**

By downloading this PDF file, you agree to the following:

- This PDF file is for personal and classroom use ONLY.
- You may print this PDF file and distribute the printouts to your children or students, but you MAY NOT distribute the printouts to other parents or teachers.
- You MAY NOT share digital copies of this PDF file with anyone. Just refer them to samutsamot.com.
- You MAY NOT print and distribute this PDF file for profit or use it for any commercial purpose.
- You MAY NOT upload this PDF file or any part of it in any other website such as (but not limited to) *Scribd* or *SlideShare*, or cloud storage sites such as (but not limited to) *Google Drive* or *Dropbox*.

If you have any questions regarding the use of this PDF file, you may e-mail me at samutsamot.mom@gmail.com

## ANG MGA BULAG AT ANG ELEPANTE

Mula sa Indostan ang anim na ginoo Na may hilig at hangad na matuto. Elepante ang nais nilang makita, Bagaman bulag ang bawat isa, Upang sa kanilang pag-oobserba Mga isipan ay may ikatutuwa.

Ang unang ginoo sa sawimpalad ay nalaglag Sa tagiliran ng elepante na matibay at matatag. Siya'y sumigaw "Alam ko na, 'di ako hangal, Ang elepante ay tila pader na makapal!"

Ang ikalawang ginoo pangil ang nahawakan At sinabi "Ano ba 'tong aking kinagisnan? Sa kinis at tulis, malinaw na para sa akin, Ang elepante ay tila sibat na matalim!"

Ang ikatlong ginoo sa hayop ay lumapit. Kanyang nakapâ at hinawakan nang mahigpit, Ilong ng elepante na namimilipit. Kaya ang bulag walang takot na nagbulalas, "Ang elepante ay tila mahabang ahas!"

Ang ika-apat na ginoo ang kamay iniabot, Tuhod ng elepante ang kanyang kinupkop. "Kung tila ano ang hayop na 'to, aking masasabi, Ang elepante ay tila isang punong malaki!" Ang ika-limang ginoo malaking tainga ang nahipò. "Kahit pinakabulag na tao alam ang kahawig nito. Sa aking puna, hindi ka dapat sumuway, Ang elepante ay tila malaking pamaypay!"

Ang ika-anim na ginoo bago pa man kumapâ, Buntot na kumakampay kanyang nahalatâ. "Alam ko na, ako'y hindi nagkukunwari, Ang elepante ay tila makapal na tali!"

Kaya ang anim na ginoong mula sa Indostan Ay malakas at matagal na nakipagtalunan. Bawat isa ay may pag-aakala, Malalakas ang kanilang paniniwala. Bagaman lahat ay bahagyang nagwagi, Ang totoo'y lahat ay nagkamali!

